

Sa Lahat ng Mga Magulang na May Anak na Dayuhang Pagkamamamayan

Gabay sa Pagdalo sa Paaralan ng mga Dayuhan
Ang Pamamaraan ng Pagpapatala sa Paaralang Hapon

Mababa at Mataas na Paaralang Hapon

Ang mga batang Hapones ay obligadong dumalo ng anim na taon ng mababang paaralan (mula sa edad na anim hanggang labindalawa) at tatlong taon ng mataas na paaralan (mula sa edad na labindalawa hanggang labinlima). Ang mga batang dayuhan ay maaari ring mag-aral sa mga mababa at mataas na paaralang Hapon kung ito ay kanilang nais.

Ang edukasyon ay napakahalaga para sa kinabukasan ng ating mga anak. Amin inaanyayahan ang inyong mga anak na mag-aral kasabay ng mga bata ng Komaki at maranasan ang paraan ng pamumuhay ng Hapones.

☑ Ang Taon ng Paaralang Hapon

- Ang isang taon ng paaralan sa Hapon ay tumatagal mula Abril 1 hanggang Marso 31 ng sumunod na taon.
- Ang antas ng paaralan ay itinatakda ayon sa edad. Ang mga batang ipinanganak sa pagitan ng Abril 2 hanggang Abril 1 ng sumunod na taon ay ilalagay sa magkaparehong antas.
- Ang mga bata ay nagpapatala sa antas ng paaralan na katumbas ng kanilang edad.

☑ Matrikula ng Paaralan, Bayad sa Libro, at Bayad sa Pagkain

- Libre ang matrikula sa paaralan at bayad sa mga libro.
- Ang mga bayad sa pagkain at mga hindi librong pampaaralang materyales ay babayaran nang buwanan. (Ito ay humigit-kumulang na 5,000 yen para sa mababang paaralan at 10,000 yen para sa mataas na paaralan.)
- Ang mga may suliranin sa pagbabayan ng mga bayad sa pagkain at iba pang gastusin dahil sa pampinansiyal na kadahilanan ay maaaring makatanggap ng tulong sa bayad sa pagkain kung minsan. Mangyaring tumawag sa Dibisyon ng Pampaaralang Edukasyon upang pag-usapan ito.
(Hindi lahat ay maaaring tumanggap ng tulong.)

☑ Ang Pamamaraan ng Pagpapatala

- (1) Dalhin ang inyong mga pandayuhang rehistrasyon na kard ng dalawang magulang at ng anak sa Dibisyon ng Pampaaralang Edukasyon sa ikalawang palapag ng Timog na Gusali ng Komaki City Hall, at sabihin sa kanila na nais mong magpatala sa mababa o mataas na paaralan.
- (2) Matapos kumpletuhin ang pamamaraan sa City Hall, bisitahin ang paaralan kung saan ipinapatala ang iyong anak kasama ng iyong anak.

(Mga Tala)

* Ikaw ay hindi malayang mamili kung aling paaralan ang pagpapatalaan ng iyong anak. (Ito ay itinatakda ayon sa kung saan ka nakatira.)

* Batay sa patakaran, ang mga bata ay nagpapatala sa antas na katumbas ng kanilang edad.

☑ **Kapag Nagpatala ang mga Batang Hindi Halos Makapagsalita ng Niponggo**

Ang Komaki ay nag-aalok ng "Mga Silid-Aralan ng Nijikko" para sa mga batang hindi halos makapagsalita ng Niponggo at hindi pamilyar sa mga paaralang Hapon.

Mga Silid-Aralan ng Nijikko

Kapag nagpatala sa mababa o mataas na paaralan sa Komaki, ang mga bata na hindi halos makapagsalita ng Niponggo ay maaaring dumalo sa "Silid-Aralan ng Nijikko" ng tatlong buwan para sa purong pag-aaral sa pang-araw-araw na pagkikipagtalastasan, hiragana, katakana, mga patakaran ng paaralang Hapon, kaugalian, atbp. (Ang mga bata ay magsisimulang magkaroon ng mga regular na klase sa paaralang kanilang pinapagtalaan pagkatapos ng pag-aaral sa Silid-Aralan ng Nijikko.)

* Para sa mga karagdagang detalye, mangyaring magtanong sa Dibisyon ng Pampaaralang Edukasyon.

☑ **Kahilingan mula sa mga Paaralan**

- Mangyaring tumawag sa iyong paaralan kapag liliban o papasok sa paaralan nang huli.
- Huwag magpapamanikyur, maglagay ng hikaw, o maglagay ng makeup bago pumasok sa paaralan.
- Hindi ka maaaring magdala ng pagkain sa paaralan.
- Kung ikaw ay mayroong anumang suliranin, isangguni ito sa iyong guro sa paaralan.

☑ **Iba pa**

Ang website ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya ay mayroong detalyadong impormasyon ukol sa pagdalo sa paaralan sa pitong wika.

(http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/001.htm#a09)

Korean, Vietnamese, Chinese, Espanyol, Filipino, Ingles, at Portuguese